



PANAWAGAN PARA SA APLIKASYON

Posisyon	Blg.	Mga Gawain	Minimum na Kalipikasyon	Dedlayn ng aplikasyon
Tagapag-ugnay para sa Proyektong Bantayog Wika (contract of service)	1	<ul style="list-style-type: none">➤ Mangasiwa at magpatupad ng mga gawain para sa proyekto at sa kaugnay na programa nito➤ Makipag-ugnayan sa iba't ibang ahensiya ng pamahalaan, institusyon, at/o indibidwal, lalo sa mga local government unit➤ Maghanda at magproseso ng mga dokumento—gaya sa MOA, liham, at katulad—tungo sa pagpapatupad ng proyekto	<ul style="list-style-type: none">➤ Nakapagtapos ng kursong Public Administration, Cultural Studies, o anumang katumbas na edukasyon➤ Mahigit 1 taóng kaugnay na karanasan (may preperensiya sa mga naging aktibo sa local government unit)➤ May nakahandang plano sa pagpapatupad ng proyekto (tingnan ang kalakip na project brief para sa detalye ng proyekto)	<p>27 Marso 2017, 5nh – dedlayn ng pagsusumite ng aplikasyon</p> <p>29 Marso 2017, 2nh – interbiyu at presentasyon ng plano sa pagpapatupad ng proyekto</p>

Ang mga interesadong aplikante ay kinakailangang magsumite ng sumusunod:

- (1) Liham aplikasyon para sa posisyon
- (2) Komprehensibong resume, may 2x2 na retrato
- (3) Transcript of Records
- (4) Dalawa hanggang tatlong pahinang plano sa pagpapatupad ng proyekto

Ipadala ang mga aplikasyon sa email na **kwfrecruitment@gmail.com**

Ang huling araw ng pagsusumite ng aplikasyon ay hanggang sa **27 Marso 2017, 5nh**.

Magkakaroon ng interbiyu at presentasyon ng plano sa pagpapatupad ng proyekto sa **29 Marso 2017, 2nh** ang mga makapapasa sa paunang iskrining ng mga aplikasyon.



BANTAYOG-WIKA

Ang Bantayog-Wika ay pagdadambana sa isang di-materyal na pamanang pangkultura (*intangible cultural heritage*) ng bansa dahil sa mahalaga nitong papel sa pagbuo at pagpapatibay ng pambansang identidad. Hindi lamang ito sumasalamin sa yaman ng mga wika kundi kakikitahan din ng mga kaalamang pangkultura ng pamayanang kinapapalooban nila. Sa ganitong paraan, lalalim ang tangkilik at pagpapahalaga ng mga Filipino sa yamang nakapaloob sa kanilang mga katutubong wika.

Mula ang salitang “bantayog” sa pinagsamang **bantay** at **matayog** na nangangahulugan sa mataas na estrukturang itinayo para sa isang makabuluhang tao o pangyayari. Nilalayan ng Bantayog-Wika na makalikha ng mga monumento para sa lahat ng mga katutubong wika ng Filipinas.

Ang pagtatatag ng mga Bantayog-Wika ang magiging kauna-unahang proyekto sa buong daigdig hinggil sa pagtatampok ng *bawat katutubong wika*. May pagkakatulad ang proyektong ito sa Afrikaans Language Monument na itinatag noong 1975 bilang pagdadambana sa Afrikaans bilang pambansang wika ng South Africa.

Tatagal ng tatlong taon ang pagtatatag ng 130 Bantayog-Wika. Sa inisyal nitong implementasyon ngayong 2017, malaking bahagi ng proyekto ang ilalaan sa timpalak at koordinasyon sa Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamamahala (DILG) at mga lokal na yunit ng pamahalaan para sa pagtatatag at pagpapasinaya ng hindi bababa sa sampung Bantayog-Wika.

Ang sumusunod ang mahalagang mga hakbang para sa Bantayog-Wika 2017:

1. **Pambansang Timpalak sa Disenyo.** Inilunsad ngayong Enero hanggang 28 Pebrero 2017, hinihikayat ng KWF ang nangungunang mga eskultor at tagadisenyong Filipino na lumahok at magsumite ng kanilang interpretasyon sa pangkalahatang disenyo ng Bantayog-Wika. Itatampok ang baybaying W na maaaring lapatan ng katutubong disenyo na katangi-tangi sa katutubong wika. Pagkakalooban ng halagang PHP80,000.00 (gross) ang magwawaging disenyo.
2. **Pakikipag-ugnayan sa mga ahensiyang pangkultura at Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamamahala.** Tunguhin ng pagtatatag ng mga bantayog-wika na maging holistiko ang pagtanaw ng mga Filipino sa wika at kultura, sinisikap ng KWF na magkaroon ng maigitng na ugnayan sa mga ahensiyang pangkultura partikular sa Pambansang Museo (NM) at Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Filipinas (NHCP). Nagtatatag din ng mahigpit na ugnayang pangwika at pangkultura sa DILG upang maging pangunahing katuwang sa implementasyon ng proyektong ito.
3. **Pakikipagkasundo sa mga lokal na yunit ng pamahalaan.** Sa pamamagitan ng mahigpit na ugnayan sa DILG at pakikipag-ugnayan sa mga lokal na yunit ng pamahalaan, ilalatag ang espesipikong plano para sa pagpili ng wastong lokasyon sa pagtatatag ng mga bantayog-wika, ang mga responsabilidad ng mga lokal na yunit ng pamahalaan, at planong pang-edukasyon at panturismo kaugnay ng bantayog. Susulatan ang mga lokal na yunit ng pamahalaan at ang unang sampung magpapahayag ng interes sa pagtatayo ng bantayog ang siyang prioridad ngayong 2017.
4. **Pagtatag ng mga Bantayog-Wika.** Ipakikita sa katuwang na lokal na yunit ng pamahalaan ang plano para sa lugar na pagtatayuan ng bantayog, ang kaakibat na pinansiyal na gugugulin, mga responsabilidad, at mga oportunidad panturismo at pang-edukasyong kaugnay ng bantayog.
5. **Pagpapasinaya sa mga Bantayog-Wika.** Magkakaroon ng pagpapasinaya sa mga bantayog-wika sa ilang piling lokasyon.